

**Sampung Piling Salitang Meranao: Tampok sa Proyektong Ambagang Wika  
ni Minang Dirampatan-Sharief, Ph.D. Mindanao State University**

(Ambagang Wika: Kumperensya sa Paglikom ng Salita Mula sa Ibat-ibang Wika sa Filipinas, UP Sentro ng Wikang Filipino, Filipinas Institute of Translation, Opisina ng Tsanselor, UP Diliman, 5-6 Marso, 2009, UP Diliman)

Alhamdulillah (3x)

Ako po ay nagpapasalamat sa Poong Maykapal dahil sa paglipas ng mahabang panahon ay matutupad na ang matagal nating pinakamimithing pangarap na magkaroon ng diksyunaryong Filipino na siyang magpapatunay na ang Filipinas na may mahigit na isang daang wika ay iisang lahi at may iisang wika na siyang daan tungo sa pagkaka-unawaan, kapayapaan, at kaunlaran ng sambayanang Filipino. Ang tinutukoy dito ay ang pagpapayabong at pagpapayaman ng wikang Filipino na manggagaling sa iba't ibang wika sa Pilipinas.

Nagpapasalamat din po ako sa Poong Maykapal dahil isa sa napiling wika ay ang Meranao (Maranao, Maranaw, Muranao) na ginagamit ng isa sa mayoriyang etnolinggwistikong Muslim sa Pilipinas na kung tawagin din ay Meranao. Ang Meranao ay nanggaling sa salitang “ranao” (lawa) na ang ibig sabihin ay mga taong naninirahan sa may lawa o tao sa lawa. Ang lawang ito ay pinagmumulan ng pagkatao o 'identity' ng mga Meranao at siya rin ang iniikutan ng buhay ng mga ito – maging sosyal man o maging sa ekonomiya at higit sa lahat maging sa kanilang kultura at relihiyon.

Nagpapasalamat din po ako sa Poong Maykapal at sa mga tagapagtaguyod ng Kumperensyang ito dahil ako ang napiling tagapagsalita na kakatawan sa Meranao, isa sa pangunahing wika sa Filipinas.

Ang Sampung Salitang Meranao na napili upang mailahok sa ambagan-wika: kumperensya sa paglikom ng salita mula sa iba't ibang wika sa Pilipinas ay ang sumusunod:

1. **Bangsamoro**
2. **Darangen**
3. **Halal/Haram**
4. **Jihad**
5. **Kolintang**
6. **Malong**
7. **Maratabat**
8. **Ranao**
9. **Singkil**
10. **Taritib/Igma**

Ang paraan na ginamit sa pagpili ng mga salitang ilalahok sa paglikom ng wika o sa ambagang-wika ay ang sumusunod:

1. Survey ng mga salitang napili ng mga mag-aaral, guro, may idad at matatandang Meranao sa Mindanao State University at Lungsod ng Marawi na batay sa kriterya ng Sentro ng Wikang Filipino.
2. Ginamit ang mga piling salita at ginawang batayan sa pagsasangayon ng mga taong tinanong at ininterbyo.
3. Pagtatanong kung mayroon pang ibang salita na ipapalit o kaya'y idadagdag sa mga salitang napili.
4. Pananaliksik sa mga kahulugan at iba pang impormasyon tungkol sa mga napiling salita.
5. Pagsasalin sa Wikang Filipino ng nabuong sanaysay na ginawa ng tagapagsalita at mga Meranao na guro sa Departamento ng Filipino ng Mindanao State University.

- **BANGSAMORO**

hindi maaaring ilathala  
*AMBAGAN 2009*

--(png.)Mga Muslim sa Pilipinas na binubuo ng labintatlong etnolinguistikong grupo ng mga katutubo sa Mindanao na kinupkop ang Islam bilang paraan ng kanilang pamumuhay. Ang tatlong pinakamalaki at dominante sa politika na mga grupo ay ang mga Maguindanaon (mga tao sa binahang lupain) ng probinsya ng Cotabato (Maguindanao, Sultan Kudarat, North and South Cotabato); ang mga Meranao (tao sa lawa) ng dalawang probinsya ng Lanao, at saka ang mga Tausug (mga tao sa agos) ng arkipelago ng Sulu. Ang naiwan na sampu ay ang mga Yakan, Sama, Badjao, Kalagan, Sangil, Iranun o Ilanun, Palawani, Melebugnun, Kalibugan at Jama Mapun. Dumarami din ang bilang ng mga balik-Islam na galing sa mga iba-ibang grupong linguistiko sa buong Pilipinas.

--(png.)Mga taong katutubo o di kaya ay ang orihinal na naninirahan sa pulo ng Mindanao at sa mga karatig na mga pulo kasama ang Palawan at ang arkepilago ng Sulu nuong panahon ng kolonisasyon at kasama ang kanilang mga kamag-anakan maging ang mga mestiso o kaya ay ang purong katutubo. Ang kanilang mga asawa at mga anak ay itnuturing na Bangsamoro. Ang kalayaan ng mga katutubo sa pagpili ay nirespeto. Karapatan ng lahat ng mga Moro at ng lahat ng katutubong tao sa Mindanao ang ituring at tanggapin sa sarili nila na sila ay Bangsamoro (memo of Agreement on Ancestral Domain Aspect of GRP-MILF Tripoli Agreement on Peace of 2001).

**Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon**

Sa Pilipinas ang mga salitang Muslim at Moro ay napagpapalit ang gamit at ang tinutukoy nito ang ibat ibang grupong linguistiko, samantala ang salitang “Muslim” ay tumutukoy sa isang relihiyong unibersal na identity, ang salitang “Moro” ay may “identity” na pangpulitika na kakaiba dahil sa pagiging Muslim nila. Ito ang mga Muslim sa Mindanao at Sulu. Ang mga kastilang konkwestadores ang orihinal na gumagamit sa salitang Moro at ang tinutukoy nito ay ang mga tao sa Mindanao na may kaparehong relihiyon ng mga 'Moors' na sumasakop sa Espanya. Ang kahulugan ng “Moro' ay katulad ng paggamit sa 'indio' sa mga Filipinong naging Kristyano.

Sa pagkakaroon ng pangsariling lakas ng loob na matutunghayan sa pagtataguyod ng Moro National Liberation Front (MNLF) noong 1970s, ang “Moro” ay nagkaroon ng magandang kahulugan sa mga kabataang Muslim. Ipinahiwatig ang kanilang kaibahan sa pamamagitan ng hindi pagsuko sa mga dayuhan. Ang 'Moro' kapag dinagdagan ng salitang Malayo na bangsa (nasyon) o pagiging myembro sa isang angkan na katulad ng Bangsamoro o Bangsa Moro, ang kahulugan nito ay “nationality” na kakaiba sa mayoriyang mga Filipino.

Ang MNLF at ang kanyang karibal na Moro Islamic Liberation Front (MILF) ay ginagamit ang salitang Bangsamoro sa lahat ng mga katutubo ng Mindanao at Sulu maging Muslim man, Kristyano o Lumad na tinatanggap at kinikilala ang pagiging kaibahan ng Moro ng nasyonalidad sa ibang Filipino sa Luzon at Visayas.

• **DARANGEN**

--(png.) Ito ay isang epiko na kinakanta tuwing may espesyal na okasyon. Ito ay hinggil sa kwento ng Bembaran.

--(png.) Ang mahabang tulang klasikal ng mga Meranao.

--(pandiwa)Pagbigkas o paggamit sa Darangen(epikong tula ng mga Meranao)

-Mga serye ng mga tulang sanaysay na umiikot sa isang pangunahing tauhan, si Prinsipe Batugen, na nanirahan sa kaharian ng Bembaran. Si Bantugen ay kinikilalang kabuuan ng lakas ng katawan, kagandahan, at katalinuhan. Ito'y binubuo ng 25 episodya, ang Darangen ay tumatagal ng maraming gabi kung ito ay kinakanta.

hindi maaaring ilathala

AMBAGAN 2009

### **Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon**

Ayon kay Cayongcat (1989), Ang darangen ay hindi lang isang bagay. Ito ay maraming bagay na pinaghalohalo para maging isa. Ito ay kwento na parang walang katapusan. Ito ay popular na epiko. Ito ay isang obra maestra. Ito ay awiting namana sa mga ninuno. Ito ay katulad ng ballad noong unang panahon. Ito ay kinakanta para sa kasiyahan ng mga manunood at tagapakinig. Ito ay dumaan sa mga pagbabago sa pamamagitan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari o sa pagkakasunod-sunod ng mga eksena. Ang mga pagbabago ay dahil sa hangaring pagyamanin at pagpinuhin ang mga ito. Ang mga tauhan mulat sapul ay napreserba. Ang pangunahing tauhan ay parepareho. Sina Paramata Bantugan, Lumna, Mabaning Ndao Rorong, at Madale ay simbolo ng Kapangyarihan ni “MagalindaiBumbarab a Pagabacan Delino Borantacan Damaog a Lowakatan Kalinan”.

Ang Darangen ay tungkol sa kabayanihan ni Prinsepe Bantugen na sumakop ng mga bayan sa gilid ng dagat at napaibig ang mga Prinsesa sa malayong kaharian.

Ang Darangen ay walang dudang maganda at makapangyarihan. Kahit sa hating gabi ang mga tao ay lahat nakaupo at nakikinig. Ang iba ay hanggang hating gabi ay pumapalakpak at tumitili pa rin na siyang nagbibigay sigla sa kumakanta. Ang mga nanonood/nakikinig ay masayang masaya. Dito nakikita ang kagandahan nito.

Ang Darangen ay hindi mapag-isa. Ito ay karugtong ng “bayok”. Kaya Pagkatapos ng kambayoka saka sinusunod ang darangen. Ang mga nanonood ay nagagalak at humihingi ng pagpapatuloy.

Ang Darangen ay may labing isang kabanata. Ang bawat kabanata ay isang obra maestro. Ang sabi ng iba ay naimpluwensyahan daw ng “Mahabharata” o di kaya ay ng “Ramayana” and Darangen subalit ayon kay Cayongcat, (1989) ay hindi tutuo, kung tutuo man ito ay dapat may bersyon ang Darangen sa India, Indonesia, Malaysia o di kaya ay sa ibang lugar. Idiniin ni Cayongcat (1989) na ang mga Meranao ang gumawa ng darangen. Ang mga orihinal na katutubo ng Lanao ang kumakanta ng Darangen at katulad ng ballad ang awiting ito ay nagpapatuloy sa kanilang mga anak at anak ng kanilang mga anak o sunod sunod na henerasyon.

Ang iba ay nagtatanung kung ang kahariang ito ng Magalindai Bumbaran ay tutuo at ang sabi ng mga Meranao ay tutuo daw subalit sa panahong hindi alam. Ang sabi ng iba ay baka sa Agusan o Bukidnon o sa dalawa matatagpuan ang kahariang iyon.

Marami ang nagsasabi na sa taas sa bukidnon at sa Agusan ay may matatagpuang mga palatandaan ng isang umunlad na kumunidad. Sa mga daanang ito ay may malalaking bato na para bagang porma ng tao na tila may mga mata at ilong.

Nuong ikalawang digmaang Pandaigdig , pinangunahan ni Heneral Fort ay ang isang unit ng mga amerikano at mga Pilipinong sundalo at nagtaguyod ng (resistance) headquarters sa highland ng Bukidnon. May mga Meranao na gerilya na sumali sa kanila at namangha sa pagkakatagpo ng malaking nakahilirang mga palaka na para bagang nanghahamon sa isang larong “kambenti”. Sa larong ito ay ginagamit ang binti na sandata sa pagsipa ng binti ng katunggali. Upang makaiwas ng enchantment, ang mga nakakita sa mga palaka ay walang kibong nagpatuloy sa kanilang paglalakad na walang sabi sabi sa kakaibang paligid na kanilang nadaanan. Mayroong ding mga bato na katulad ng mansyon. Sa gilid ng mga malalaking bato ay nakaukit ang linya ng mga bintana.

Mayroon ding nagsasabi na si Shariff Alawi ay humingi ng tulong na may mangyaring kapahamakan sa Magalindai Bumbaran dahil ang mga tao ay naniniwala sa kapangyarihan ng mga “tonong” (spirits) o mga “diwata” at ayaw maniwala sa gloria, (iisa at makapangyarihan) Allah, ang ating tagapaglikha at mahabagin Allah. Ang kaharian ay naengkanto. Subalit marami ang hindi sumasangayon sa kaisipang ito dahil si Shariff Alawi ay dumating noong unang bahagi ng fifteenth century at wala pang naisulat tungkol sa pagkaengkanto ng Bumbaran.

## hindi maaaring ilathala AMBAGAN 2009

Malakas man ang impluwensya ng bagong kabihasan at kaisipan ng mga tao, ang mga Meranao na naninirahan sa tabi ng Lake Lanao “lawa ng lawa” sa Mindanao ay napanatili pa rin nila ang kanilang kultura simula pa noong pa mang panahon ng paganismo o bago dumating ang Islam. Ang isa sa pinaka mahalagang napanatili nila ay ang kanilang epikong Darangen na maaring ihambing sa Iliad at Odyssey ng Greece o di kaya ay ang Ramayana at Mahabharata ng India.

Ang mga Meranao ay nagalak sa melodya at mga kwento ng Darangen na inaawit ng mga “onor” o mangaawit. Ang mga taong estranghero sa kutura ng mga Meranao lalo na ang hindi etnomusikolohista ay maaaring di magustuhan o maramdaman ang awit subalit siguradong magugustuhan nila ang kwentong pag ibig at adventures ng mga legendaryong katauhan na ang paniwala ng mga Meranao ay sila ang kanilang mga ninuno na matagal ng nabubuhay bago pa man dumating and Islam sa Mindanao at sa iba pang rehiyon sa Pilipinas (foreword, Darangen, Vol. 1)

Ayon kay Dr. Saber ay marami ang gamit ng Darangen. Sa mga mahilig sa literatura ang Darangen ay nagpapahiwatig ng panatiliang kagandahan at dignidad. Ito ay nanggaling sa komentaryo ni Dr. Laubach. Sa pagiging lumang dokumento, kasama na ito sa mga ebidensya tungkol sa kasaysayan ng mga “Moros” at iba pang katutubo sa Mindanao. Inilalabas din nito and “ideals” at idolohiya na siyang gabay sa paguugali ng Meranao. Ipinapayo sa mga kabataan na tularan ang mga tauhan sa epiko. Ayon din kay Dr. Saber ang pagbabasa nito ay ugaling Meranao dahil ang mga ito ay simbolo ng nilalamang mga imahen at idolohiya tungkol sa ibat-ibang uri ng tema na nagugustuhan ng Meranao.

Ayon din kay Dr. Abdullah T. Madale ang darangen ay siyang tunay at pinakamahabang epiko ng Filipino, hindi lang sa haba kundi na rin sa estilo, kagandahan at “motif”.

Ang unang nakapaglathala ng Darangen sa Inglis ay noong 1902 nang ilathala ni Major Ralph Porter, MD ng army ng Estados Unidos sa “Journal of American Folklore”. Ang pangalawang bersyon ng Darangen na nailathala ay ang salin ni Dr. Frank Laubach noong 1930 na ginawa sa patulang estilo ng epiko sa “How Bantugen Died below the Mountain by the Sea” sa Philippine Public Schools. Ito ay sinundan ng “Darangen; the Epic of the Meranaos” ni Dr. Saber sa Philippine Sociological Review, 1961. Ikinumpara ni Saber ang Darangen sa Ramayana epiko ng India at Iliad ni Homer. Mula noon ang pagaaral ng Darangen ay naging popular at humantong sa pagiiyon, pagsusulat at pagsasalin sa Inglis na gawa ng MSU Folklore Division Team na pinangunahan ni Sr. Delia Coronel ng MSU Research Center ngayon ay Mamitua Saber Research Center.

Sa ngayon ang Darangen ay kinikilala na kahanay sa mga pandaigdig na epiko na nababasa sa walong volume.

- **Haram**

--(png.) Anumang bagay, pagkain o gawain na pinagbabawal sa Islam. Ito ay galling o hiram na salitang Arabo.

-(pandiwa). pagbabawal.

- **Halal**

--(png.) Anumang bagay, pagkain o gawain na hindi pinagbabawal sa islam. Ito ay galling o hiram na salitang Arabo.

### **Kasaysayan/ etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon**

Pinagbabawal ng Islam ang anumang masama at pinag uutos ang anumang mabuti. Ang Qur'an at hadith ang siyang gabay sa mga tuntunin ng gawaing karapatdapat (halal) at di karapatdapat (haram) katulad halimbawa ng pananamit, kilos, gawa at pagkain.

Ang pagsunod halimbawa sa anumang halal tungkol sa pagkain ay mahalaga sa kultura, relihiyon, ekonomico at sosyal na aspeto ng buhay ng mga Muslim. Ito ay isang “quality control” Kapag ang isang produkto ng pagkain ay “halal” ang ibig sabihin ay malinis at masustansya. Ang mga Muslim ay palagi ng ginagamit ang “halal” at “haram” upang ilarawan ang pagkain. Ang halal ay salitang Arabo na ang ibig sabihin ay 'lawful' o maaring kainin, o kaya ay hindi pinagbabawal. Ang ibig sabihin naman ng haram ay bawal (unlawful) o pinagbabawal.

## hindi maaaring ilathala AMBAGAN 2009

Sa Islam, lahat ng pagkain ay Halal maliban na kung nabanggit na bawal sa Qur'an o di naman ay sa Hadith. Ayon sa Qur'an, lahat ng mga hayop sa lupa ay "halal" maliban sa mga hayop na kinatay na labag sa 'Islamic law' katulad ng baboy, aso o mga hayop na may 'canine' o 'tusk' na ginagamit sa pagpatay ng prey, maduduming hayop at mga hayop na naninirahan sa lupa at tubig at lahat ng hayop/isda at tanim sa tubig na tinuturing na halal maliban sa mga nakakalason, nakakahilo o nakakasama sa kalusugan.

Ang pagkatay ng mga hayop ay ginagawa ng isang Muslim sa isang lugar na malinis at walang Haram. Ang salitang "Bismillah" (sa ngalan ng Allah) ay dapat binibigkas bago kinakatay ang hayop sa leeg.

Ang Halal ay nagbibigay diin sa paghahanda ng pagkain. Upang matiyak ng isang Muslim na ang pagkain ay Halal, dapat ay may sertipikong Halal. Ang batayang prinsipyo sa katiyakan ng pagiging halal ay ang Qur'an at Hadith.

- **Jihad**

--(png.) Pakikidigma sa ngalan ng Allah (swt)

--(p) Hiram na salita na galing sa Arabic na nagmula sa salitang ugat na kung bigkasin ay Ja-ha-d na ang kahulugan ay masidhing pagsusumikap; ang ibang salita na nagmumula rin sa salitang ugat na ito ay ang "endeavor", pagsisikap, paggawa at pagod.

Ang jihad ay isang sistemang nababalot sa Islam na ang ibig sabihin ay pagsisikap at pagpupumilit upang makamtan ang sariling kapakanan at kapakanan ng komunidad. Ito ay pakikidigma dahil sa pagtatanggol ng relihiyon, sarili, karangalan, ari arian at bayan. Ito ay pakikipagtunggali laban sa pangkalooban o panglabas na kasamaan ng isang tao o soyedad na nagpapakilala sa tatlong pangkat ng jihad: ang panloob na jihad, ang pangsosyal na jihad, at ng pisikal na jihad o jihad na pakikidigma.

-ito ay reaksyon sa opresibo at di makatarungang soyedad.

### **Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon**

-Ang Jihad ay depensa at kailanman ay hindi opensiba. Ito ay ginagamit lamang sa pakikidigma sa dahilang kailangan ipagtanggol ang karapatang pangsarili ang determinasyong pangsarili at kalayaan sa buhay.

-Ang Jihad ay isang gawain na dapat matupad sa pamamagitan ng puso, dila, pera o kamay. Ang sinumang Muslim ay dapat magsusumikap sa ngalan ng Allah ano mang paraang sa tatlong ito (Ibmul-Qayyim sa Summary of Islamic jurisprudence ni Dr. Al-fawzan)

-kasama na nito ang paglilinis ng budhi sa pamamagitan ng kontrol sa sarili, pakikipaglaban kay satanas at sa mga suwail at mga taong naliligaw ng landas. Ang kontrol sa sarili ay isang uuri ng jihad na makakamit ng Muslim sa pamamagitan ng kaalaman sa relihiyon. Pagkilos na batay sa kaalamang ito, at pagtuturo nitong kaalaman sa ibang tao.(Al-Fawzan,2005)

Pagsusumikap sa abot ng nakakaya. Ito ay paggamit ng lahat ng lakas –Physical, mental o di kaya ay paggamit ng sariling pera sa ngalan ng Allah. Ito ay paghahandog ng sariling buhay para sa kapakanan ng isang grupong kinabibilangan sa anumang kapahamakan na manggagaling sa labas.

- ayon sa Sharia'ah (tuntunin ng Islam batay sa Holy Qur'an at sa ganoon ay divinely ordained), ang jihad ay ginagamit para sa digmaan/gyera sa ngalan ng Allah sa dahilang matinding pangaapi na kaaway ng Islam. Kung may mga grupong Muslim na sumasali sa Jihad, ang buong komunidad ay kasali na rin sa responsibilidad na ito Kung hindi naman sasali ang lahat ay may kasalanan sa pagtalikod sa responsibilidad. Kung ang Estadong Muslim ay inatake ng hindi Muslim ang lahat ay tutulong sa Jihad. Kung ang komunidad na iyon o estado ay walang sapat na lakas na maghiganti at lumaban ito ay nagiging responsibilidad ng karatig na bayan ng Muslim na tumulong.

- ito ang pinakamataas na pagsusumikap. Upang mapabuti ang sarili tungo sa perpektong moral na pagkatao, isang divine na obligasyon para sa sinumang Muslim. Ang konseptong ito ay may dalawang

hindi maaaring ilathala

AMBAGAN 2009

pangkat: ang mababang jihad o armadong jihad o pakikibaka na may armas (pisikal) na jihad at ang mataas (o pangloob) na jihad o pangloob na pakikibaka. Ang unang jihad ay pinapasukan lamang kung sukduhan na ang opensa at di makatarungang pagtrato sa mga Muslim. Ang mas mataas na jihad ay ang pangloob na pakikibaka sa sarili ng isang Muslim upang magsumikap maging isang tunay na Muslim na naniniwala sa iisang Diyos na si Allah. Ang proseso ng jihad sa pangkat na ito ay panghabang buhay na pagpapabuti sa sarili hanggang maabot ang pinakamataas na banal at moral na pamumuhay (Diampuan, 2005).

- **Kolintang**

-- (png.) Ay isang Uri ng Instrumentong musical ng ,ga Meranao ( na may onomatopiyang tunog ng “tang”)

--(png.) Ay isang pangmusikang instrumentong Meranao. Ang salitang ito ay nanga2hulugang kolintang o may kahulugan kapareho ng salitang kolintangan ng Brunei, Celebes at Sulu. Ito ay ang grupo ng mga instrumento kung saan kasama ang kolintang,debakan, agong, at babendir. Ang kolintang ay grupo o pangkat ng walong maliliit, magkakasunod ang laking mga gong na gawa sa bakal. Ang mga ito ay sunod-sunod na nakahilera sa isang lalagyang gawa sa kahoy na sadyang ginawa para dito lamang. Isa itong pangunahing instrumento para sa isang pagtitipon at kadalasan ay isang babae ang tumutugtog nito na nakasuot ng maayos na damit at akma sa programa. Ilang mga lalaki rin ang tumutugtog nito ngunit mas kinagigiliwan ang mga bata, at magagandang dalaga.

Ang mga malalaki, hugis-takuring mabibigat na mga gong na gawa sa bakal, na ang isa ay mas malaki pa sa isa, ay isa ring uri ng mga pangunahing instrumento. Isa pang miyembro nito ay ang mababang gong na tinatawag na babendir, mas maliit kaysa dalawang unang nsbsnggit. Tinutugtog ito ng isang lalaki o babae ngunit mas pinipili ang babae. Ginagamit din sa grupong ito ay ang malaki at mahabang hugis-apa na tambo (drum) na tinatawag na debakan o dedabowan na tinutugtog ng isang lalaki gamit ang dalawang panghatao na gawa sa rattan, tulad rin ng iba pang instrumentong tinutugtog ng panghataw (basal).

### **Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon**

Ang pangunahing walong-seryeng gong (kolintang) ay tinutugtog sa napakaraming komposisyon na may malalim na kahulugan. Ang ibang mga gong at tambol (drum) nama ay sumusunod lamang sa tunog nito. Ang mga musical o makatang komposisyon tinutugtog ng walong gong ay kadalasang may dobleng kahulugan na maari nating tawaging literal at cultural na antas. Ang kolintang ay sinasabing napakahalaga dahil ang instrumentong ito ay simbolo ng napakagandang kultura ng mga Meranao ng Lake Lanao.

Ang mga instrumentong Meranao na ito ay ebidensiya/proweba/patunay ng pagkakapareho ng mga tradisyon sa ibang bahagi ng Timog Silangan Asya (Southeast Asia). Ang kanilang mga pangalan at mga hugis ay halos kapareho ng mga instrumentong matatagpuan sa ibang bansa. Halimbawa, ang pangkat ng mga kolintang na binubuo ng mga instrumentong ginagamit din sa Malaysia at Indonesia. Nagkakapareho din ang mga ito sa uri at laki.

Ang mga malilit na gong naman, na bumubuo sa kolintang ay kapareho ng Chelemping ng Malay, Talumping ng Sumatra, at ang Kenong o Perong ng Java. Ang mas malaki at mas malalim na pares ng gong ng agong ay halos kapareho ng Tetawak ng Malay at ang Tawatawa ng Brunei. Ang pangalang Agong naman ay mula sa lingguwahing Malay ng gun at Javanese nagon. (Saber, 1980)

- **Malong**

--(png.) Isang mahabang damit ng Meranao na parang saya o kaya'y parang hugis bariles na bukas ang bandang itaas at ibaba nito.

--Ito ay kapaki-pakinabang na damit. Marami itong uri at iba't ibang disenyo at mga magagandang kulay. Kapwa ito sinusuat ng lalake at babae. Ito ang etnikong damit na magpapakilala bilang isang Meranao.

**Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon**

Ayon sa pananaliksik ni Dr. Pimping:

Ang malong ay napakahalaga sa buhay ng mga Meranao ito ay makabuluhan sa kanilang bahay, sa katunayan hindi kumpleto ang kanilang buhay kung walang malong.

Ang mga Meranao ay nagsusuat ng Malong bago matulog. Ito ay nagsisilbing pajama, sinusuat din ito kapag pumupunta sa lawa o kaya ay sa banyo. Sa makatuwid ang malong ay isang bata de banyo. Pwede din itong gamitin bilang duyan ng isang bata, gawing isang layag ng isang bangka sa lawa, gawing lambat, kubre kama, at kumot. Pwede ring sumagip ng buhay, kung mayroon itong hangin. Ito ay inilahad ng masayang maingay na bata habang naliligo sa lawa.

Ang isang ina ay pwedeng magsuot ng malong kasabay ang anak. Ang mga batang mag aasawa ay pwedeng sabay matulog sa loob ng isang malong. Ito ang kagandahang katangian ng malong. Ang malong ay kahangahangang itanghal. Ito ay napaka gandang pang dekorasyon.

Ang malong ay maganda at kaayaya. Ito ay may gilas at kaakitakit. Sinusuot ito ng mga nagtatanghal ng singkil at ang mga mananayaw ng "sadoratan" maging ang mga tumutugug ng "kulintang" ay naka malong gayon din ang mga naglalaro ng sipa. Malaki ang kanilang tiwala sa sarili habang suot-suot ang malong. Pati ang mga tumutugug ng agong, o kaya ay yung nagpapatugug ng debakan ay matingkad tingnan dahil sa kasuotang malong.

Ang malong ay kasuotan. Mayron itong mataas na kalagayan sa lipunan. Kung ang isang malong ay pagaari ng isang dalaga, hindi ito pwedeng gamitin ng iba, maliban kung ito ay kanyang kapatid. Kapag sinuot ng binata ang malong ng dalagang ito ay nangangahulugang magkasintahan sila at ito ay mauwi sa kasalan, subalit kung ito ay hindi matuloy ang binata ay kailangan niyang tubusin ang kanyang dangal at ang karangalan ng dalaga. Inuutusan ang binata na ibalik o di kaya ay palitan niya ito ng bago, ito ay isang parusa sa pagka-unsyami ng kasal, ito ay hindi pwedeng ipagsawalang bahala, ito ay isang obligasyon. Sangkot dito ang karangalan ng isang pamilya. Ang paghanap ng ibang paraan o solusyon ay nakakapagbaba ng dangal(Pimping, Cadidia).

Ang lapad ng malong ay malaki ng kunti sa isang yarda na mahigit dalawang yarda ang haba. Ang ibat ibang tela sa Pilipinas gaya ng batik, damit ng mga tsino, at iba pa ang pwedeng gawing malong.

May mga malong na tinatawag nating "landap" ito ay gawa sa seda ng chinese. Ang mga telang ginagamit ay binubuo ng kulay dilaw, berde, puti, o kaya ay kulay ube. Ang lahat ay isa isang hinabi mula sa seda. Kapag pinagsama sama ang mga telang ito binubuo nito ang halos kabuuan ng haba ng malong. Ang "linggai" ay hiwalay na hinabi mula sa seda. Ang pulang landap ay madali lamang habiin dahil sa tanging pulang tela lamang ang ginagamit dito at wala ng iba maliban sa isang dangkal na "linggai". Ito ang nagsisilbing borderlines para sa dalawang "tubiran" (Cayongcat, A. 1989).

Sa kasalukuyan, wala pang tiyak na makakapagpatunay maliban sa mga sabi sabi mula sa mga matatanda na nagsasabi na may partikular na panahon noon na ang kakayon (fiber) ang ginagamit para sa malong. Ang mga malong daw noon ay yari mula sa abaca. Sa mga malong na ito marahil nabibilang din

## hindi maaaring ilathala *AMBAGAN 2009*

ang maiikling pag-iiba na tinatawag na “bakaki” at magbaro na karaniwang tinatawag na “bangkala” hindi rin tiyak kung gaano katagal ginamit ng mga Meranao ang kasuotang ito.

Marahil masasabi na kung ang tinutukoy ay materyales na ginagamit sa paghahabi, ang malong noon ay nakakaayon (A. Madale nasa Hamilton, 1998). Ang paniniwalang ito ay nakabatay sa dalawang dahilan: and materyal at ang mga desenyong.

Sa madaling sabi maaring ang malong ay nanggagaling sa abaka kung ang tinutukoy ang materyales na gamit ngunit kung ang pag-uusapan ay ang mga pamamaraang paggawa, ang malong ay maaaring nagsimula sa tradisyong “tie-dye” tungo sa tradisyong ‘landap’. Ang kapwa tradisyong ito ay paghahabi ng ginagamit ng mga Meranao. Ang seda at gintong kulay ng sinulid ay nagsimulang gamitin noong panahon nagsimula ang pakikipagkalakalan sa tsina.

Sadyang ang Islam ay may malaking impluwensya sa tradiyon ng paghahabi ng mga Meranao lalo na sa pagkawala ng desinyo ng hugis hayop na napalitan ng mga desinyong ‘geometric at floral’. Sa kabaliktaran ang mga lumad ay nananatili sa paggamit ng mga desinyo na hugis hayop sa kanilang mga produkto sa pagkat sila ay hindi naman nabinyagan o nagbalik-Islam. Ganun pa man ang mga tradisyong ito ng paghahabi ay nagpapakita ng ugnayan ng mga grupong may pananampalatayang Islam (Pimping, Cadidia).

- **Maratabat**

--(png.) Pagpapahalaga na tumutukoy sa sariling pagpapataas o kataasan sa sarili, sariling karangalan at sariling pagpapahalaga (Saber, Tamano, and Warriner, 1960).

--(png.) Ang isang pinakamaramdamang kaisipan ng mga meranao at ang ilang mga problemang kanilang kinaka harap at kung papaanu nila nalulutas ang ganitong mga problema (Medwick, 1975).

--(png.) Nakakalito, sariling pagmamahal, pagpapahalaga, pagkawala ng mukha, pagpapahalagang panlipunan, karangalan ng pamilya.

--(png.) Upang lumiit, upang mahiya (AL Macaraya, et. Al, 1991).

--Kasama nito ang karangalan, katungkulan, pagpapahalaga at pagiging mabuting pagtanggap. Ito ay ang mga pasentrong pagpapahalaga at personal na katangian ng mga Meranao (Flores, 1991).

Ang maratabat ng Meranao ay ang 1.) mataas na personal na katungkulan at ito ay may matinding pagkamaramdamin 2.) ito ay pagpapahayag ng kanyang panlipunang katungkulan at kamalayan ng katayuan 3.) ito ay sinusuportahan ng pwersa ng pananakot 4.) ito ay mga hakbang o paraan para pigilan ang di pagkakaunawaan at pagtamo ng muling pagkakaibigan, kapatiran. 5.) ito ay uri ng ahensya para sa mabuting kalinga, para sa tulong at sistema ng panlipunang siguridad. 6.) isang paraan o hakbang para sa depensa. And damdamin ng madepensa, ang pagiging agrisibo o palabang at katapangan sa mga Meranao ay kadalasan nangingibabaw kapag ang kanilang maratabat bilang isang grupo o yong indibidwal sa isang grupo ay inatake, nainsulto. Maaari nating masabi na sa pamamagitan ng maratabat ng mga Meranao ay nagawa nilang makipaglaban sa lahat ng mga banyagang mananakop. Ang kasaysayan ay nagsasabi sa atin kung gaano katapang na makipaglaban ang mga Meranao upang ang kanilang maingat/mapanatili ang kanilang pagkakakilanlan at pagpapahalagang pangkultura (Disomangcop, N. as quoted by Bartolome, 2004).

### **Kasaysayan/etimolohiya at kahalagahan**

Ang salitang maratabat ay hango sa salitang arabo na ang ibig sabihin ay “ranggo”, “karangalan” o “katayuan” katulad sa mga espanyol na “amor propio” na nangangahulugan na pagmamahal sa sarili, o di kaya ay pagpapataas sa sarili. Ito ay minsan iniugnay sa tagalog na “hiya” o “yabang”. Ito ay tuwirang may kaugnayan sa katungkulan at katayuan at natatanging ugali ng tao na kitang kita at ang legal na

hindi maaaring ilathala

*AMBAGAN 2009*

pagkakatanggap sa maratabat ay kanyang katungkulan sa lokal na lipunang may ibat ibang antas ng katungkulan.

--Ito ay katangiang nasa kultura ng mga Meranao o kaya ay ang pagpapahalagang panlipunan ng isang tao o kaya ay grupong pangontra/grupong pangproteksyon at ang kahalagahan ng karangalan. Kasamang napapaloob sa tinatawag na maratabat ng Meranao, “malatabat” sa mga Maguindanaon at “matabat” sa mga Tausog ay ang pangkalahatang kaisipan na ang katotohanang ito ay nasa sarili ng mga taong nabanggit. Ito ay naglalarawan sa damdamin ng napanghimasukang karangalan (Diampuan, P. 2006).

Ang nakasanayang maratabat ay palatandaan ng kaibahan na kung saan sila ay naiiba sa iba pang grupong etniko. Laging ang maratabat ay naisasalin bilang “amor propio”. Pero ang Maratabat ay higit pa rito, ito ay nagsisilbing pwersang nagpapatakbo sa buhay ng mga Meranao, maging sa lipunan, sa pulitika, pangkabuhayan at ang mga ito ay bahagi na rin sa pang araw araw na buhay ng mga Meranao. Bilang isang lakas na nagpapatakbo, ang maratabat ay nagsisilbing lakas na elemento na nagbibigkis, nag iisa, napag iisa ang mga myembro ng pamilya hindi lang sa oras ng kapayapaan kundi pati na rin sa oras ng kaguluhan at problema. Ayon kay Dr. Saber at ibang manunulat:

Ang mga damdamin at tungkulin ng maratabat ay naibabahagi ng mga taong may magkatulad na pagiging myembro sa mga matataas na katungkulan sa lipunan. Ang mga insulto ay naibabahagi sa pamilya na nagmumula sa mga kapamilya o di naman sa mga kamag anak. Katulad nito, ang mga pangyayaring nagbibigay ng kautusan sa harap ng maraming tao ay nagbibigay ng mabuti o masamang bunga sa taga gawa ng ganitong aksyon ngunit pati na rin sa kanyang mga kamag anak, sa kanyang pamayanan.

Sa ibang Meranao ang nakasanayang maratabat ay likas na raw pero ang iba ay natututo sa nakasanayang kultura at nakukuha naman ng mga bata sa mga nakatatanda sa kanila (Javier, I. N. 1980).

Ang mga ibat ibang may akda na nakapagaral tungkol sa maranao at ang maratabat ng Meranao ay ito ang kanilang mga sinasabi (Sharief, 1975),(Diampuan, 2005), (Bartolome, 2004).

Ang karangalan at mataas na katungkulan ng Meranao ay napakalaking halaga sa kanya at kapag ito ay nasugatan, nasira, kahit ang nasabing sugat ay tutuo man o hindi ay nagiging malaking hamon sa kanyang.

Ang maratabat ay maaring mabuti o masama. Ito ay maaaring mabuti dahil napapanatili nito ang marangal na pamumuhay ng mga Meranao. Sa pamamagitan nito, ang bawat isa ay natututong gumalang sa iba, at ang taong kasama sa pamilya, mga kamag anak ay sapilitang pinapatulong sa kapwa nila at iba pa. Sa kaiklian, ang bawat isa ay natututong magbigay ng tulong sa iba sapagkat ito ay napapaluob sa kaugalian at tradisyong kinikilala sa pamamagitan ng maratabat at sinasabi sa Islam.

Kaya ang mga Meranao ay maingat sa kanilang Maratabat ay upang makaiwas sa mga pangyayaring di kanaisnais

Kasama sa negatibong maratabat, ang mga Meranao ay nagiging mainitin ang ulo na kung saan ang maliit na bagay ay pinapalaki o pinapalala. At dahil sa pagkasugat ng maratabat ng isang tao ay nakakaapekto sa kanyang angkan/pamilya at sa mga malalapit na kamaganak kung kaya’t hinihikayat na maging malapit sa isa’t isa ang pamilya.

Ang mabuting maratabat naman ay nakakahamon sa tao/pamilya ng tao upang siya ay magpakabuti kaysa sa kanyang mga kapit bahay o ibang tao. Nakakatulong ito sa mga tao/sa pamilya upang siya ay maihiwalay at makilala na siya ay naiiba. Nakakabigkis ito sa myembro ng pamilya at napapagkaisa upang ang isang pamilya ay maging matatag at matibay. Ang mga hamon sa maratabat ng Meranao para gumawa/magkaroon ng “rido” (away) ay kung siya ay nasa panganib, minaltrato, inabuso o kaya ay di minabuti ang pagkakaturong sa kanya.

Sa pamamagitan din ng maratabat ay nagiging mabuti ang tao sa lahat ng oras sapagkat kailangan niyang protektahan palagi ang kanyang pangalan/karangalan. Sa kabilang dako, ang maratabat ay may epektong “pangkontrol sa lipunan” na nagdudulot ng kamalayan at kapatiran sa Meranao tungkol sa hahantungan ng kanyang pag uugali sa pakikipag ugnayan niya sa iba.

hindi maaaring ilathala

AMBAGAN 2009

Ang maratabat ay nasa mga Meranao bago pa man dumating ang Islam. Ito ang pagpapahalagang ideolohiyang pangkultura na nasa kanila, at nagpapatuloy pa rin hanggang ngayon. Ito ay pamumuno ng sarili ng bawat Meranao, kahit tinanggap na niya ang sa Islam bilang kanyang relihiyon--pananampalataya.

Ang isang Meranao ay hindi Meranao kung wala siyang maratabat. Ito ay bahagi ng kultura at ang bawat myembro ay mayroon nito. Bahagi ito ng kanyang buhay sa kanyang pakikisalamuha sa kanyang lipunang ginagalawan.

- **Ranao**

--(png.) Lawa.

--dalawang probinsya ng Lanao: ang Lanao del Sur at Lanao del Norte.

--Lawa, Ang salitang ugat na pinaghanguan ng Meranao o taga Lawa o naninirahan sa paligid ng Lawa. Dahil sa palagiang paggamit, ang salitang Ranao ay hindi lang tumutukoy sa lawa ng Lanao kundi sa lahat ng mga lugar na bumubuo sa dalawang lalawigan ng Lanao.

### **Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon.**

Ang Ranao o lawa ng Lanao ay matatagpuan sa lanao del sur ng ARMM. Ito ang tahanan ng mamamayang Meranao at ang sentro ng mga aspetong spiritual, kultura, sosyal, politikal at ekonomiya ng kanilang pamumuhay.

Ang pangalan ng tahanan ng mamamayang Meranao, partikular na ang mga rehiyon sa paligid ng lawa ng Lanao sa Gitnang Mindanao ng Pilipinas.

Ang lawa ay malaki (oligotrophic), tubig tabang na lawa, na pinaniniwalaang nabuo sa pagbabaha o tectonic-volcanic damming sa pagitan ng dalawang kabundukan dahil sa pagsabog ng isang malaking bulkan. Ang lawang ito ay nabibilang sa labing pitong matatandang lawa sa mundo. Ito rin ay tahanan ng labing walong endemic na species na isda na natatangi na sa lawang ito lamang nakikita. Labing anim sa mga isdang ito ay tuluyan ng nalipol o hindi na nabubuhay sa kasalukuyan. Dalawa na lang natitira.

Kung paanu ang Ranao ay naging Lanao ay hindi pa napapag alaman. Ngunit ito ay marahil bunga ng mga sinaunang ugnayan ng mga Meranao. Sa mga Malay ang "L" ang ginagamit, sa mga Meranao ang "R" ang ginagamit. Si Datu Puti na mula sa Peninsula ng Malay ay naglayag patungo ng Panay gamit ang kanilang bangkang tinatawag na "balangay" ang "L" ay naging "R" sa salitang "balangay" at naging "barangay" ang kabaliktaran naman nito ang ginawa ng mga Malay. Pinalitan nila ng "R" sa "Ranao" ng "L" kaya ang "ranao" ay naging "lanao". Maaring ito ang pinagmulan ng salitang Lanao.

May ilan naman na nagsasabi na noong unang panahon ay may isang aktibong bulkan sa gitna ng lalawigan. Ang bulkang ito ay unti-unting sumabog. Sa mga pagsabog ay kasama ang mga abo, lava ng mga bato. Nagkaroon ng pagkidlat, pagkulog at paglindol at nagkaroon ng paglitaw ng isang crater na may sukat na 357 kilometro ito ang tinatawag na lawa ng Lanao o Ranao sa Meranao. (Naga, P. 2008)

Ang lawa ng Lanao ay nakatatak na sa kabuuan ng Meranao. Ang kanyang identidad at itnisidad ay kapwa hango sa salitang gamit din bilang pangalan ng lawang ito. Marahil ang isang higit na tiyak na diskripsiyong ugnayan ng mga mamamayan at kanilang lawa ay inilalahad sa sumusunod na isinulat ng manunulat na amerikano.

"... sa lawang ito, naka ugat ang kanilang pagkatao. Sa kanilang pananaw at sa pananaw din ng mga hindi kanibang sa kanila, sila ay mga Meranao-- ang mga mamayan ng lawa. Sa mga baybayin nito, itinatag nila ang kanilang pamayanan at bayan gayundin ang kanilang mga mosque. Sa pamamagitan ng tubig nito nalilinis nila ang kanilang mga katawan sa kanilang pagdarasal. Sa malambot na lupa sa paligid nito itinatanim nila ang kanilang mga palay. Sa kailaliman nito sila nangingisda. Sa pamamagitan ng pagtawid nito dito patungo sa karatig bayan nito ay naihahatid ang mga produkto at mamamayan. Ang bawat (boulder) at isla sa lawa ang bawat burol at lambak sa mga lupaing naka palibot dito ay kinapapalooban ng mga alamat at epiko ng mga mamamayan. At ang bawat Meranao ay maaring ungkatin

hindi maaaring ilathala

*AMBAGAN 2009*

ang kanyang pinagmulan sa orihinal na “Pat a Pagampong” o ang apat na dibisyon sa lawa ang kanilang mitikal na pinagmulan.”

Kaya naman, makatwiran at walang bahid na pagmamalaki na itinuturing na mga Meranao and lawa bilang “Ang aming Lawa” : (Washburn, L as quoted by Naga P. 2008)

- **SINGKIL**

--(png.) Maharlikang sayaw ng Prinsesang Muslim.

-- (pandiwa) Sa Literal na kahulugan, itoy “paglundag” ang ilan sa mga sumasayaw ay dumadaan sa pagitan ng dalawang pinaglalatagok na panalag (Klong) na hawak-hawak ng mga mananayaw kung saan ito'y kumakatawan sa pagyugyug ng sanga ng mga punong kahoy.

Sa musiko: ang sayaw na ito ay maaring itanghal na may kasamang tugtug o wala kasabay ng saliw ng orkestra na binubuo ng “kutyapi”, “insi”, “tingting” at “kobing”. Ang musika na karaniwang ginagamit ay nagmumula sa pagtugtug ng kulintang.

Sa kasuotan: isang tipikal na kasuotan ng mga Meranao. Ito'y ginagamitan ng eleganteng malong bilang kabuuang bahagi ng kauotan partikular na ang landap.

Sa kagamitan: dalawang naluluping pamaypay at walong mahahabang kahoy o di kaya ay kawayan na karaniwang magaan.

Ang sukat ng kawayan ay humigit kumulang sa pitong talampakan at dalawang pulgada ang diyametro. (Madale, A. at. al)

### **Kasaysayan/etimolohiya, kahalagahan, at iba pang impormasyon**

Ang singkil ay may kawili-wiling pinagmulan. Ito ay ipinapalagay na panggagaya sa kaaya-ayang galaw ng Prinsesa Gandingan habang lumulundag mula sa mga bato patungo sa iba pang bato sa epikong Meranao na Darangen.

Sinasabi sa isang kabanata ng nabanggit na epiko ang ispiritu na taga pangalaga ng Bumbaran na tinatawag na diwata (na ang karakter ay kumakatawan sa dyosa ng Gryeko sa Mount Olympus), tumututol sa libangan ni Bantugen kung saan bumibisita siya sa ibat-ibang lugar upang maghanap ng magagandang babae na kanyang iibigin at liligawan. Upang hadlangan ang ganitong libangan ni Bantugen, dinukot ng ispirito/diwata ang isang magandang babae, na nagngangalang Prinsesa Gandingan mula sa kalapit na lugar. Siya ay kaibig-ibig na may mapangakit na ganda, na lingid sa kaalaman ni Bantugen.

Dinala ng ispiritu si Prinsesa Gandingan sa “lugar ng panghalina” kung saan si Bantugen ay madalas dumaan sa kanyang paglalakbay patungo sa pagbisita nya sa ibat ibang lugar. Ang ispirito ang naging dahilan upang umuga at yumugyug ang mundo sa lugar ng panghalina at ang mga punong kahoy at mga bato ay yumugyug ng napakalakas.

Lubhang natakot si Prinsesa Gandingan sa di karaniwang kababalaghan na kanyang nasaksihan. Sinubukan niyang tumakas sa pamamagitan ng pagtakbo at paglundag sa pagitan ng yumuyugyog na mga piraso ng malaking bato. Sa kabila ng kanyang takot ginawa niya ang pagtalontalon na may kaayaya ayang galaw ng kanyang magagandang paa habang natutuwang nanunuod ang nagbibirong ispirito/diwata. Nakita siya ni bantugen at siya ay iniligtas nito sa mapanganib na kalagayan.

Sa panahon ngayon ang magandang galaw ng Prinsesa (ayon sa taga pag kuwento) ay ginagaya sa pamamagitan ng mga mananayaw ng singkil na gumagamit ng dalawang piraso ng kawayan bilang pamalit o di kaya ay simbolo ng umuugang na mga bato.

Ayon sa kinaukulan ang singkil ay sayaw sa Lanao na nararapat matutunan ng kababaihang nabibilang sa dugong bughaw o maharlika. Ang pangalan ng sayaw na ito ay hinalaw mula sa pangalan ng

hindi maaaring ilathala

*AMBAGAN 2009*

isang mabigat na pulseras sa paa na kung tawagin ay singkil, na sinasayaw ng mga mananayaw sa kanilang buko-bukong upang mabigyan ng sapat na oras ang pagpasok at paglabas ng kanilang paa mula sa mga kawayan na sabay na ipinapalakpak habang ito ay ipinapagpag sa sahig sa kakaibang paraan.

Sa ibang bersyon, ang mga mananayaw ay gumagamit ng “bayok” habang nagsasayaw gamit ang pamaypay tulad ng pag ikot papasok at palabas ng pamaypay mula sa loob ng kamay, na may manakanakang pagmamalaking kasabay ng pagpadyak ng paa (Aguino, F. ).

Karamihan sa mga katutubong sayaw ng mga Meranao gaya ng kaganat sa Darangen, Diyabro at Unta, Singkil at Sagayan, ay naguugat sa kahanga-hangang epiko ng mga Meranao na Darangen.

Si Dr. Mamitua Saber ay naniniwala na ang pagsayaw ng singkil at sagayan ay nagmula sa epikong Darangen.

Tulad ng ibang katutubong sayaw ng mga Pilipino, ang katutubong sayaw ng mga Meranao ay nagpapahayag ng damdamin, hangarin, at paniniwala ng mga tao sa Lanao. Nagpapakita rin ito ng imahe ng kulturang Meranao.

Ayon sa matatanda ng Rumayas, Maguing, isang lugar na itinuturing na luklukan ng kulturang Meranao, ang singkil ay dinala sa atin ng isang lalaking galing sa Cotabato na nanggangalang “Along-along Marano-Marano along at Dindaon a olan” at dito nagsimula ang pagsayaw ng singkil sa Lanao.

Ang kilalang singkil sa ngayon ay binago para sa teatrong layunin ng pagpapalabas. Nagkaroon ng pagbabago sa pagpasok ng inaasahang Prinsesa. May mga bersyon kung saan ang mga babaeng alipin ay may daladalang payong, na nakasunod sa Prinsesa habang lumalabas-pasok ang mga paa sa pagitan ng mga kawayan.

Sa orihinal na bersyon, ang inaasahang Prinsesa ay inihahatid ng kamag-anak na lalaki hawak ang magarpong payong patungo sa tanghalan o sa lugar kung saan ang Prinsesa ay inaasahang sasayaw, subalit ang lalaking kamag-anak ay hindi dapat nakasunod sa Prinsesa habang siya ay sumasayaw.

Nasa paniniwala at tradisyon na ang kababaihang Meranao ay hindi nararapat kasayaw ang lalaki kaya karamihan sa mga humahawak ng kawayan ay mga kababaihan.

Walang sinuman ang nakakabatid kung saan nagmula ang magpapatotoo ng pinagmulan ng kasaysayan ng singkil ito man ay alamat o likas, ang sayaw na ito ay nag-ugat bilang ekspresyon ng kanilang damdamin at manipistasyon ng kanilang pagiging maharlika o pagiging dugong bughaw.

- **TARITIB**

-(png) pagkakasubodsubod na kaayusan.

-tamang order

-(pandiwa) pag aayos sa tamang pagkasunodsunod o tamang kaayusan (order)

(png.)kaayusan)

Kasaysayan?etimolohiya, kahalagahan at iba pang impormasyon.

Ang taritib ay isang sistema. Ito ang stratification ng Sultanate sa isang agama, sector, parte o distrito na napapaloob sa “genealogical” na paghahati na tinatawag na “Pungampong”. Ang Lanao ay nahahati sa apat na “Pungampong”. Ang mga ito ay ang Onayan, Masiu, Bayabao at Baloi.

Ang Pungampong a Onayan ay may apat na Maharlikang Bahay, ang Pungampong a Masiu ay dalawa, ang Pungampong a Bayabao ay siyam at ang Pungampong a BALoi ay isa. Ang Lanao ay may labinganim ng Maharlikang Bahay o Grandeng Kaharian (Sultanate). May mga Datu na ang ibig sabihin ay

hindi maaaring ilathala

*AMBAGAN 2009*

“Council of Peers” na binubuo ng apat na maharlikang myembro. May dalawang Matanda na ang ibig sabihin ay “Council of Elders” na binubuo ng mga myembrong kilala sa lipunan. Ang pinakamataas o pinakatuktok sa samahan ng mga sultanate ay ang Maharlikang Bahay o ang Grandeng Sultanate.

Hindi lahat ng Grandeng Sultanate ay may mga “Counsel of Elders” subalit kada isa ay may “Council of Peers” na may kapangyarihan at Prerogativo na tiyakin ang karunungan sa pagbibigay ng desisyon na makatarungan at kagustuhan ng kasalukuyang naghaharing Maharlikang Sultan.

Ang ‘order’ ng bawat Grandeng Sultanate ay nagsasabi na kapag ang “Council of Peers” ay umaabot sa consensus tungkol sa isang bagay na pinaguusapan, ang consensus ay pinipresenta sa samahan ng mga sultanate sa sector, parte o distrito para idaan sa masinsinang deliberasyon. Kasunod nito ay ang pagpresenta sa “House of Elders” upang pag-aralan kung ito ay mabuti, ang consensus ay tinataas sa Maharlikang Bahay ‘Royal House’. Kung ang subject ay pagaasawa, ang kasalukuyang naghaharing Sultan ang kakasal. Ang kanyang salita ay may bias at makapangyarihan (Cayongcat, 1989).

Sa ngayon ang batas na sinusunod ay hindi lang taritib kundi na rin Shariah (Batas ng Islam) at ang Saligang Batas ng Pilipinas. Ito ngayon ang nagdudulot ng mga problema dahil ang tao ay Meranao, ang relihiyon ay Islam at sila rin ay mga Filipino na nasa ilalim ng Bansang Pilipinas.

### **Konklusyon:**

Ang bawat salitang Meranao na inilathok sa proyektong Ambagang-Wika sa kumperensyang ito ay kasing halaga ng aming buhay dahil ang mga ito ang siyang naglalarawan sa aming mga Meranao, isa sa mga grupong Muslim, Moro o Bangsamoro sa Mindanao na hindi naiintindihan (misunderstood) at lalong kinakatakutan sa ngayon dahil sa paglaganap ng sinasabi nilang terorismo at “Islamophobia” (Matinding pagkatakot sa Islam) dulot ng 9/11 at ng Moro Problem. Ang mga salitang ito ay naglalarawan ng kanilang tunay na pagkatao, ng kanilang kultura at ng kanilang kasaysayan.

Sa puntong ito nais ko pong ulitin sa inyo ang mensahe ko sa isang kumperensya ng NCCA noong 1992 tungkol sa Namamatay na Sining ng Katutubong Produkto ng mga Muslim:

Dahil sa daan daang taon hiwalay ang pamumuhay ng mga Meranao sa ibang Filipino na dulot na rin ng kalayuan ng lugar ay nakabuo sila ng pambihira at kakaibang kultura. Dahil dito ang kanilang lugar ay tinaguriang “City of the Living Past” (Lungsod ng Buhay na nakaraan). Sa ngayon pagkaraan ng anim na dekada ay matutunghayan na mayroon ng malaking pagbabago. Ang Meranao na ang pagkatao (identity) ay nagmula sa Ranao (Lawa) ay malamang na mawawalan na ng saysay dahil sa kanilang unti-unting namamatay na lawa, ang kanilang naglalahong sinig at katutubong produkto at sa madaling salita ang kanilang namamatay na kultura at pati na rin ng kanilang namamatay na wika.

Ito po ang aking masasabi. Ang 'Ranao' ay di dapat mamatay. Ang Meranao ay mabubuhay pa rin at ang kanilang kultura at relihiyon ay mananatili pang buhay habang may buhay pang isang Meranao, Muslim, Moro o Bangsamoro, na siyang magpapatuloy nito.

Inaasahang ko pong mauunawaan ninyo ang hinaing at mensaheng ito. Nawa’y lumambot ang inyong mga puso at lalong maging masigasig sa pagpapatuloy ng mga proyektong katulad nito. Huwag po nating kalilimutan na ang Filipino ay hindi mabubuo kung wala ang mga Muslim at iba pang katutubong tao sa Filipinas.

Magkaisa po tayong lahat tungo sa kabutihan, kapayapaan at kaunlaran ng sambayanang Filipino. Ang ating etnisidad ay di dapat maging sanhi ng di pagkagkakaunawaan at lalang hindi dapat maging sagabal sa globalisasyon at sa ating pinakamimithing pandaigdig na kapayapaan.

hindi maaaring ilathala  
*AMBAGAN 2009*

Ako po si Ginang Dr. Minang Mujahida Dirampatan-Sharief, Isang Meranao, Muslim, Bangsamoro Filipino, hindi terorista, na ang 'jihad niya ay upang maging tunay na Muslim sa puso, sa isip at gawa at ang 'maratabat' niya ay ang ipagtanggol ang tama at mabuti at iwasan ang mali at masama.

Ako po ay isang guro, peace weaver at Culture bearer.

Maraming Salamat po!!!

### BIBLIOGRAPHY

Al-Fauzan, Salih (2005) A summary of Islamic Jurisprudence, Al-Maiman Publishing House, Saudi Arabia

Bartolome, Claribel D. (2004). Maratabat and Rido. Marawi City Mindanao Journal, MSU, Vol XXVII, The New Annual Series.

Cayongcat, Atti T.

1984. The darangan. Iligan city: Scorpio Printing Co., Inc.

1984. "A research Work on Maranao Way of Life and Cultural Heritage." Knowing the Maranao. Iligan City: Scorpio Printing Co., Inc.

Darangen, Vol. 1 Books 1,2 and 3.

Marawi City: MSU-University Research Center.

Dirampatan, Minang D.

1975 "The Values, Attitudes, Practices and Socio-Cultural Patterns of the Meranaos as reflected in their selected Songs and Poems." Unpublished Seminar/Masteral Thesis, University of the Philippines.

Diampuan, Potre D. (2006) Understanding Jihad: Basis for Policy

Formulation and Educational Programs for Muslims in the Philippines. Ph.D. Dissertation.

Disomangcop, Nainobai D.

June 1979 "Meranao Maratabat and its Implications to the Teaching of Values in the New Social Studies in the Lanao School of Arts and Trades." (Unpublished Masteral Thesis). UP, Dilimn, Quezon City.

Flores, Evelyn P.

April 1990 "Meranao Songs as Teaching Materials in Music." Unpublished Masteral Thesis. University of the Philippines, Diliman, Quezon City.

Madale, Abdullah T. and Edna de los Santos

no date "Folk Song, Music and Dance." (Unpublished and Typewritten)

Madale, Nagasura T. (Editor)

1975 "Meranao Forms of Oral Literature" in Dialogue for Development by Francisco R. Demetrio. S.J. (editor), Xavier University, Cagayan de Oro.

Naga Pipalawan O. (2009). Lake Lanao and the Power Plants: A case of un-Sustainable Development.

hindi maaaring ilathala  
*AMBAGAN 2009*

Otto, Steven W. (1985). *The Muranao Kakolintang An Approach to the Repertoire*, Marawi City University Research Center, Mindanao State University, Marawi City.

Pimping, Cadidia “The Versatile Maranao Malong and other Fabrics: History, Classifications, Uses and Functions” in the Graduate Forum, Journal Vol &, nos, 1-2, 2009 (still in the Printing Press)

Saber, Mamtua and Maanyag Tamano with Charles K. Warriner. 1975. “The Maratabat of the Maranao.” in The Maranao (edited by Mamtua Saber and Abdullah T. Madale). Manila: Solidaridad Publishing House.

Saber, Mamtua  
Jan-April 1961 “Darangen: The Epic of the Maranao.” in Philippines Sociological Review.

Sharief, Minang Dirampatan (1992) *The Dying Meranao Arta and Crafts: The need for Revitalization, Restoration, Reconstruction and Preservation, Historic Preservation: Agenda for Reform*, NCAA (Published in the Lanao Press) (2004) Mindanao Journal MSU, Marawi City, Vol XXVIII

Unpublished Materials (Internet)

Jihad: Muslims are commanded to defend their right to freedom of worship, but not to terrorize. (oct. 2001). (<http://www.rediff.com/search/2001/oct/06tr1.html>) December 24, 2005